# Tunay na si Allāh (napakataas Siya) ay hindi natutulog at hindi nararapat para sa Kanya na matulog

Ayon kay Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Tumayo sa amin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) nang may limang pangungusap sapagkat nagsabi siya: "Tunay na si Allāh (napakataas Siya) ay hindi natutulog at hindi nararapat para sa Kanya na matulog. Nagbababa Siya ng timbangan at nag-aangat Siya nito. Inaangat sa Kanya ang ginawa sa gabi bago ng ginawa sa maghapon at ang ginawa sa maghapon bago ng ginawa sa gabi. Ang tabing Niya ay ang liwanag." – sa isang salaysay: "ang apoy" – "Kung sakaling humawi Siya nito, talagang sumunog sana ang mga kaluwalhatian ng mukha Niya sa anumang pinagwakasan ng paningin Niya mula sa nilikha Niya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Tumayo ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) bilang isang mananalumpati sa mga Kasamahan niya kalakip ng limang ganap na pangungusap: Ang Una: Si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) ay hindi natutulog. Ang Ikalawa: Isinasaimposible sa panig Niya ang pagkatulog dahil sa kakumpletuhan ng pagkamapag-aruga Niya at buhay Niya. Ang Ikatlo: Siya ay nagbaba ng timbangan at nag-aangat nito sa tinitimbang sa mga gawa ng mga tao, na umaangat na umaakyat sa Kanya; at tinitimbang sa mga panustos sa kanila, na bumababa sa lupa sapagkat ang panustos ay parte at bahagi ng bawat nilikha, na nagbaba nito Siya (kaluwalhatian sa Kanya) para maghigpit nito at nag-aangat nito Siya para magpaluwag nito. Inaangat kay Allāh ang ginawa ng mga tao sa gabi bago ng [ginawa sa] maghapon matapos niyon at ang ginawa nila sa maghapon bago ng ginawa sa gabi matapos niyon sapagkat ang mga anghel na tagapag-ingat ay nag-aakyat ng mga gawa sa gabi matapos ng pagkawakas nito sa simula ng maghapon at nag-aakyat ng mga gawa sa maghapon matapos ng pagkawakas nito sa simula ng gabi. Ang Ikalima: Ang tabing Niya (kaluwalhatian sa Kanya) na tagahadlang sa pagkakita sa Kanya ay ang liwanag o ang apoy. Kung sakaling humawi Siya nito, talagang sumunog sana ang mga kaluwalhatian ng mukha Niya sa anumang pinagwakasan ng paningin Niya mula sa nilikha Niya. Ang mga kaluwalhatian ng mukha Niya ay ang liwanag Niya, kapitaganan sa Kanya, at karingalan Niya. Ang implikasyon: Kung sakaling inalis Niya at hinawi Niya ang tagahadlang sa pagkakakita sa Kanya – ang tabing – at lumantad sa nilikha Niya, talagang sumunog sana ang mga kaluwalhatian ng mukha Niya sa anumang pinagwakasan ng paningin Niya mula sa nilikha Niya, ang lahat ng mga nilikha, dahil ang paningin Niya (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) ay sumasaklaw sa lahat ng mga umiiral.